
5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 7:
## Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikalimang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 7: Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
**Kalihim**: Leonor Magtolis Briones
**Pangalawang Kalihim**: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Grace Orit
**Editor:** Myrna D. Gerardo, Aiene M. Molina, Ramil P. Bingco, at Rosemarie M. Guino
**Tagasuri:** Engelyn P. Achacoso, Eva D. Divino, Donnalyn Matillano, Alex S. Didal, Rosemarie M. Guino
**Tagaguhit:** Leonila Rhea R. Tolibas
**Tagalapat:** Richie C. Blasabas
**Tagapamahala:**
Ramir B. Uytico
Arnulfo M. Balane
Rosemarie M. Guino
Joy B. Bihag
Ryan R. Tiu
Nova P. Jorge
Genis S. Murallos
Francis Angelo S. Gelera
Rosemary S. Achacoso
Mario R. Orais
Roel C. Tugas
Regel C. Mullet

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region VIII**

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: 053 – 323-3156
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

5

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 7:
## Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas**.

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan–Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas**.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita mo kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

Ang mga sinaunang Pilipino ay may sariling sistema ng paniniwala bago pa man sila masakop ng mga dayuhan. Isa na rito ang relihiyong Islam. Ang modyul na ito ay mahalagang mapag-aralan mo upang malaman at maiintindihan mo kung paano lumaganap ang Relihiyong Islam sa iba’t-ibang bahagi ng ating bansa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:
Makapagtatalakay sa paglaganap ng relihiyong Islam sa iba’t ibang bahagi ng bansa.

## *Subukin*

**Gawain A.**

**Panuto:** Basahing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat sa inyong sagutang papel.

1. Isang relihiyong naniniwala sa iisang Diyos na tinatawag na Allah.

    A. Islam
    B. Animismo
    C. Hudaismo
    D. Kristiyanismo

2. Saan unang lumaganap ang relihiyong Islam sa Pilipinas?

    A. Luzon
    B. Mindanao
    C. Samar
    D. Visayas

3. Nagpunta ang mga mangangalakal na Muslim sa Pilipinas upang _______.

    A. bumisita
    B. makipaglaban
    C. makipagkalakalan
    D. manakop

4. Sino ang sinasamba o Diyos ng mga Muslim?

   A. Allah
   B. Hesus
   C. Maria
   D. Mohammad

5. Siya ang nagtatag at naging unang sultan ng pamahalaang itinatag niya sa Mindanao.

   A. Janjalani Abdulah
   B. Rajah Baginda
   C. Sharif Kabungsuan
   D. Tuan Masha'ika

**Gawain B.**

**Panuto:** Gamit ang ibinigay na kahulugan, ayusin ang mga titik upang makabuo ng bagong salita. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ito ay tawag sa mga taong naniniwala kay Allah.

   **SMULIM**

2. Ang tawag sa banal na aklat ng mga Muslim.

   **RAKON**

3. Ito ang relihiyon ng mga Muslim.

   **SIMAL**

4. Siya ang nagtatag ng Relihiyong Islam.

   **HAMMUMAD**

5. Ang nag-iisang Diyos na pinaniniwalaan ng mga Muslim.

   **HALLA**

# Aralin 1 Ang Paglaganap ng Relihiyong Islam sa Pilipinas

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang pangungusap at piliin ang tamang sagot.

1. Isang uri ng pamahalaang naitatag sa Mindanao ng mga Muslim.

    A. Barangay
    B. Sultanato
    C. Panlalawigan
    D. Panrehiyon

2. Pinakamataas na uri ng tao sa Pamahalaang Sultanato.

    A. Imam
    B. Pare
    C. Sultan
    D. Alkalde

3. Taglay ng sultan ang mga sumusunod maliban sa isa.

    A. may kayamanan
    B. ataas ang pinag-aralan
    C. mataas ang bilang ng mga taga sunod
    D. may mahalagang ambag sa lipunang Muslim

4. Sila ang katulong sa pagpapatupad ng batas ng Islam.


    A. Abogado
    B. Pulisya
    C. Ruma Bichara
    D. Sundalo

5. Ang Adat at Sharia ay mga batas ng Islam na naayon sa ____________.

    A. Bibliya
    B. Qu’ran
    C. Vedas
    D. Torah

## *Tuklasin*

**Panuto:** Tingnan ang larawan. Sagutin ang mga katanungan sa gilid. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.



1. Sino-sino ang nakikita mo sa larawan?
2. Ano kaya ang kanilang relihiyon?
3. Bakit mo nasabing Islam ang relihiyon nila?
4. Saang bahagi ng Pilipinas nakatira ang karamihan sa kanila?
5. Sila ba ay mga mamamayang Pilipino tulad mo?

# *Suriin*

Suriin ang **timeline** sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayaring nagbigay-daan sa paglaganap ng Relihiyong Islam sa bansa.

| | |
|---|---|
| 1210 | Unang nakipagkalakalan ang mga Arabong Muslim sa mga sinaunang Pilipino. |
| 1280 | Ang pagdating sa Sulu si Tuan Mashi'ka na itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas. |
| 1380 | Ang pagdating ni Karim Ul-Makdum mula sa Malacca at nangaral ng Islam sa Sulu. |
| 1390 | Matagumpay na nahikayat ni Raja Baginda ang mga katutubo sa Sulu na sumapi sa relihiyong Islam. |
| 1450 | Dumating mula sa Palembang si Abu Bakr at nagpalaganap ng Islam sa Sulu. |


Si Abu Bakr ang nagpalaganap ng Islam sa Sulu. Pinagkalooban siya ng pangalang Sharif ul- Hashim nang maging kauna-unahang sultan ng itinatag niyang pamahalaang batay sa Sultanato ng Arabia. Sa panahon niya ay mabilis na lumaganap ang Islam sa Sulu. Mula sa Mindanao ay mabilis na lumaganap ang Islam sa Luzon at Visayas.

Gayunpaman, mabilis ding natuldukan ang paglaganap na ito pagdating ng mga Espanyol. Nagtungo ang mga Pilipinong Muslim sa katimugang bahagi ng Pilipinas upang mapanatili ang kanilang pagsasarili kaya patuloy pa ring pangunahing paniniwala ang relihiyong Islam sa rehiyon ng Mindanao.

## *Pagyamanin*

**Tara na, Lakbay Tayo!**

**Panuto:** Tingnan ang mapa ng Pilipinas. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



1.
2.
3.

Ang tatlong malalaking pulo kung saan lumaganap ang Relihiyong Islam.

4. Saang pulo ng Pilipinas unang lumaganap ang Relihiyong Islam?

5. Paano lumaganap ang Relihiyong Islam sa ating bansa?

## *Isaisip*

**Panuto:** Pumili ng salita sa loob ng kahon para mabuo ang bawat pahayag.

| | | |
|---|---|---|
| Mindanao | mangangalakal | Sulu |
| Tuan Masha'ika | Paramisuli | Pilipino |

1. Ang mga ______________ay mayroon nang sistema ng pananampalataya noon bago paman dumating ang mga Muslim.

2. Ang Relihiyong Islam ay dala ng mga ________________ na Arabong Muslim.

3. Mula sa ________ sa Mindanao, ang Relihiyong Islam ay mabilis na lumaganap sa Visayas at Luzon.

4. Islam ang pangunahing paniniwala sa lugar ng _____________.

5. Itinuturing si _____________ ang kauna-unahang nagpakilala ng Islam sa Pilipinas.

## *Isagawa*

**Panuto:** Lagyan ng tsek (✓) kung ang ipinapahayag ng pangungusap ay tama at ekis (✕) kung mali. Isulat ang iyong sagot sa isang sagutang papel.

_______1. Ang Relihiyong Islam ay dala ng mga mangangalakal na Arabong Muslim.

_______2. Si Tuan Masha'ika ang itinuturing na kauna-unahang nagpakilala ng Relihiyong Islam sa Pilipinas.

_______3. Unang lumaganap ang Relihiyong Islam sa Mindanao.

_______4. Si Rajah Baginda ay hindi nagtagumpay sa paghikayat ng ilang katutubo sa Sulu na lumipat sa Relihiyong Islam.

_______5. Mula sa Mindanao ay mabilis na lumaganap ang Relihiyong Islam sa Luzon at Visayas.

## *Tayahin*

**Gawain A.**

**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang salitang **TAMA** kung wasto ang pangungusap at **MALI** kung hindi.

_____ 1. Dala ng mga mangangalakal na Espanyol ang Relihiyong Islam kaya ito nakarating sa Pilipinas.

_____ 2. Si Sharif Kabungsuan ang nagtatag ng pamahalaang sultanato sa Sulu.

_____ 3. Ang Rehiliyong Islam ay isang mahalagang impluwensiyang umambag sa kultura ng mga Pilipino.

_____ 4. Nang dumating ang mga Espanyol, nagtungo ang mga katutubong Muslim sa katimugang bahagi ng Pilipinas upang mapanatili ang kanilang pagsasarili.

_____ 5. Unang lumaganap ang Relihiyong Islam sa Luzon.

**Gawain B.**

**Panuto:** Punan ng tamang pangalan ang tsart para mabuo ang timeline ng pagdating ng Islam sa bansa. Piliin ang sagot sa kahon.

Tuan Masha'ika          Sharif Ul-Hashim o Abu Bakr

Raja Baginda          Sharif Kabungsuan          Sharif Karim Ul- Makdum

| TAON | PANGALAN | PANGYAYARI |
|---|---|---|
| 1280 | | Dumating sa Sulu at itinuturing na unang nagpakilala ng Relihiyong Islam sa Pilipinas |
| 1380 | | Dumating sa Sulu at nangaral ng Islam. |
| 1390 | | Dumating sa Sulu at matagumpay niyang nahikayat ang ilang katutubo na lumipat sa Relihiyong Islam. |
| 1450 | | Siya ang kinikilalang nagpalaganap ng Islam sa Sulu dahil sa panahon niya ay mabilis itong lumaganap. |
| 1478 | | Itinatag ang sultanato sa Mindanao |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Punan ng tamang datos ang talahanayan ng paghahambing sa Islam, sa sinaunang relihiyon at ang relihiyong iyong kinabibilangan.

| Batayan ng Paghahambing | Islam | Relihiyong Kinabibilangan |
|---|---|---|
| Pangalan ng Diyos | | |
| Banal na Aklat | | |
| Mga Pinuno sa pagsamba | | |
| Paniniwala sa kanilang Diyos | | |

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN**

**Gawain A**

1. A
2. C
3. C
4. B
5. C

**Gawain B**

1. Muslim
2. Koran
3. Islam
4. Muhammad
5. Allah

**BALIKAN**

1. B
2. C
3. C
4. A
5. B

**TUKLASIN** *(Mga Posibleng Sagot)*

1. Ang nasa larawan ay mag-asawa/lalaki at babae.
2. Ang kanilang relihiyon ay Islam.
3. Dahil sa kanilang kasuotan
4. Ang karamihan sa mga Muslim ay naninirahan sa Mindanao.
5. Oo

**PAGYAMANIN**

(Maaring hindi magkasunod-sunod ang sagot sa bilang 1 hanggang 3)

1. Mindanao
2. Luzon
3. Visayas
4. Mindanao/Sulu
5. Ito ay lumaganap dahil sa mga Arabong Muslim na nakipagkalakalan sa mga sinaunang Pilipino.

**TAYAHIN**

**Gawain A**

1. Mali
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**ISAGAWA**

1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✕
5. ✓

**KARAGDAGANG GAWAIN**

| **Islam** | **Relihiyon ngayon** |
|---|---|
| Alla | *(depende sa relihiyon* |
| Koran | *ng batang kinaaniban)* |
| Imam | |
| Iisang diyos | |
| **Animismo** | |
| Bathala | |
| Babaylan/Katalona | |
| Maraming diyos | |

**TAYAHIN**

**Gawain B**

1. Tuan Masha'ika
2. Sharif Karim Ul-Makdum
3. Raja Baginda
4. Sharif Ul-Hashim Abu Bakr
5. Sharif Kabungsuan

## *Sanggunian*


Denofra, R., Mercado M. (2016). Araling Panlipunan Pilipinas Bilang Isang  Bansa Gabay ng Guro Batayang Aklat 5. Vibal Group Inc.

Gabuat, M., Mercado, M., dL San Jose, Mary Dorothy. Araling Panlipunan Pilipinas Bilang Isang Bansa Batayang Aklat Baitang 5. Vibal group Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph